

PATNUBAY SA MISA



23 Disyembre 2015

SIMBANG GABI – Ikwalong Araw

Taong K

Di Binibigo ng Diyos ang Kanyang Bayan

Sa pakikigalak natin kina Elisabet at Zacarias sa pagsilang ni Juan ngayong ikawalong araw ng ating nobena, inaanyayahan tayong magnilay sa katapatan ng Diyos sa Kanyang mga pangako. Wala Siyang binibigo. Ang buong kasaysayan ng kaligtasan ay maluwalhating pagtupad sa Kanyang mga pangako.

Ang katapatan ng Diyos ay paalaala rin sa atin upang sa wakas, tayo’y maging tapat din at maaasahan sa ating mga pangako sa Diyos at sa kapwa – ano man ang mangyari. Si Juan Bautista man ay naging tapat sa kanyang misyon hanggang sa kanyang kamatayan. Gayon din si Hesus . . . at gayon din dapat tayo upang maging karapat-dapat sa ating pagka-“disipulo ng Panginoon.” Sa Eukaristiya ngayon, idalangin natin para sa lahat ng mahal natin at para rin sa ating sarili ang biyayang katapatan sa ating mga pangako sa bautismo.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang isisilang na bata, ngala’y Diyos na dakila. Sa kanya ay magmula tatanggaping pagpapala ng lahat ng mga bansa.

Pagbati

P–Ang biyaya ng Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumaiyong lahat.

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Dalawang araw na lamang at Pasko na. Manahimik tayong sandali at isipin kung ano pa ang dapat nating gawin para sa angkop na pagsalubong sa Panginoon sa ating buhay. (Manahimik sandali.)

P–Para sa aming kapabayaang dinggin at isabuhay ang iyong salita, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa kapabayaang naming

magbigay ng mabuting halimbawa sa bahay at sa ating pinapasukan, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa mga iringang naglalayun sa isa’t isa, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasala-

nan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, ngayong malapit na ang Pasko ng Pagsilang ng iyong Anak, kaming mga lingkod mong hindi karapat-dapat ay tangkilikin nawa sa pag-ibig ng iyong Salita na nagkatawang-tao sa sinapupunan ng Mahal na Birhen at nanahan sa aming piling kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Mal 3:1-4.23-24
Ayon kay Malakias, ang

huling propeta, ang pagdating ng Mesiyas ay pangungunahan ng “pagbabalik” ni Elias na “propetang mapusok.” Dito’y inilalarawan niya ang misyon ng Sugo ng Panginoong ipinalalagay na si Juan Bautista.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Malakias

Narito ang pahayag ng Makapangyarihang Panginoon, “Ipadadala ko ang aking sugo upang ihanda ang daraanan ko. At ang Panginoon na inyong hinahanap ay biglang darating sa kanyang templo. Darating ang pinakahihintay ninyong sugo at ipahayag ang aking tipan.

Ngunit sino ang makatatagal pagdating ng araw na iyon? Sino ang makahaharap pag siya’y napakita na? Siya’y parang apoy na nagpapadalisay sa bakal at parang matapang na sabon. Darating siya para humatol at dadalisayin niya ang mga saserdote, tulad ng pagdalisay sa pilak at ginto. Sa gayon, magiging karapat-dapat silang maghandog sa Panginoon, at ang mga handog na dadalhin ng mga taga-Juda at Jerusalem ay magiging kalugud-lugod sa kanya, tulad ng dati.

Ngunit bago dumating ang naka-hihindik na araw ng Panginoon, isusugo ko sa inyo si Propeta Elias. Muling magkakatapat ang loob ng mga ama’t mga anak. Kung hindi’y mapipilitan akong pumariyan at wasakin ang inyong bayan.”

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 24

B—Itaas n’yo ang paningin, ka-ligtasa’y dumarating!

R. M. Velez

The image shows two staves of musical notation in G major and 2/4 time. The first staff has a treble clef and a key signature of one sharp (F#). The melody is: G4 (quarter), A4 (quarter), B4 (quarter), C5 (quarter), B4-A4 (beamed eighth notes), G4 (quarter). The second staff continues: G4 (quarter), F#4 (quarter), E4 (quarter), D4 (quarter), C4 (quarter), B3 (quarter), A3 (quarter), G3 (quarter). Chord symbols are placed above the notes: D above G4, G above C5, D above G4, Em above F#4, A7 above E4, and D above G3.

* Ang kalooban mo’y ituro, O Diyos, ituro mo sana sa aba mong lingkod; ayon sa matuwid, ako ay turuan, ituro mo, Poon, ang katotohanan. **B.**

* Mabuti ang Poon at makatarungan, sa mga salari’y guro at patnubay; sa mababang-loob siya yaong

gabay, at nagtuturo ng kanyang kalooban. **B.**

* Tapat ang pag-ibig, siya’ng umaakay sa tumatalima sa utos at tipan. Sa tumatalima, siya’y kaibigan, at tagapagturo ng banal na tipan. **B.**

Aleluya

B—Aleluya! Aleluya!
 Hari’t batong panulukang Saligan ng Sambayanan,
 halina’t kami’y idangal.
 Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 1:57-66

Ang kapanganakan ni Juan Bautista ay nagpapatunay sa katapatan ng Panginoon sa Kanyang pangako, at pinuspos nito ng malaking kagalakan ang mga magulang ng sanggol, mga kamag-anak, at mga kaibigan. Inaanyayahan tayong makibahagi sa kanilang kaligayahan.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Dumating ang oras ng panganganak ni Elisabet, at nagluwal siya ng isang sanggol na lalaki. Nabalitaan ng kanyang mga kapitbahay at mga kamag-anak na siya’y pinagpala ng Panginoon, at nakigalak sila sa kanya.

Nang ikawalong araw, dumalo sila sa pagtutuli ng sanggol. Zacarias sana ang ipangangalan sa kanya—gaya ng kanyang ama—ngunit sinabi ng kanyang ina, “Hindi! Juan ang ipangangalan sa kanya.” “Subalit wala isa man sa iyong mga kamag-anak ang may ganyang pangalan,” wika nila. Kaya’t hinudyatan nila ang kanyang ama at itinanong kung ano ang ibig niyang itawag sa sanggol. Humingi siya ng masusulatan at sumulat ng ganito: “Juan ang kanyang pangalan.” At namangha silang lahat. Pagdaka’y nakapagsalita siya at nagpuri sa Diyos. Natakot ang lahat ng kanilang kapitbahay, anupat naging usap-usapan sa buong kaburulan ng Judea ang mga bagay na ito. Pinakaisip-ispit ito ng lahat ng nakaalam at ang kanilang tanong: “Magiging ano nga kaya ang batang ito?” Sapagkat maliwanag na sumasakanya ang Panginoon.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P—Ang kapanganakan ni Juan ay isang tiyak na hakbang sa ika-tutupad ng ipinangakong Mesiyas na ipadadala ng Diyos. Taglay sa ating isipan ang katapatan ng Diyos, manalangin tayo para sa pagpapahalaga sa katangiang ito sa ating buhay:

B—Panginoon, gawin Mo kaming tapat na tulad Mo!

* Nawa ang Simbahan, sa pamamatnubay ng Santo Papa, ay maging lalong tapat sa kanyang misyon bilang kasangkapan ng pagliligtas sa sangkatauhan. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng pari at relihiyoso ay maging maningning na halimbawa ng katapatan sa kanilang pangakong mamuhay alin-sunod sa mahigpit na kahingian ng Ebanghelyo. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa pairalin ng mga mag-asa-wa ang pagkakasundo ng kanilang mga mag-anak sa pamamagitan ng kanilang katapatan sa isa’t isa alang-alang sa pakapanan ng kanilang mga anak. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng guro, katekista, at namumuno sa mga kabataan ay magpapahalaga sa kanilang pangakong magsikap para sa wastong pagpapalaki sa kabataang nasa kanilang pangangalaga. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng nagtataguyod ng kapayapaan at katarungan ay umani ng bunga ng kanilang paghihirap. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Panginoong Diyos, papagningsin Mo sa amin ang lalong taimtim na paghahangad na masaksihan ang katuparan ng Iyong pangako at ang kapasiyahang tumulad sa Iyo, Ikaw na laging tapat at nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.

B—Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, ang paghahaing ito na nagdudulot sa amin ng ganap na pagsamba sa iyong kadakilaan ay maging lubos nawang pakikipagkasundo namin sa iyo upang maipagdiwang namin nang may dalisay na loob ang pinagbuhatan ng aming Manubos na namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya'y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya'y inilahad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbibinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami'y nananabik at nananalangin lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa nagan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B—Aming ipinahahayag na namatay ang iyong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B—Ama namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P—Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipaahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ako ay nasa pintuan, tumutuktok, naghihintay. Kung ako ay pagbigyang makapasok sa tahanan, kayo'y aking sasaluhan.

Panalangin Pagkapakinabang

P—Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa piging na banal ay pagkalooban mo ng iyong kapayapaan upang kami'y makapaghintay at makasalubong

nang may ilawang nagdiringas para sa pagdating ng pinakamamahal mong Anak na namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGWAWAKAS



P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin!

P—Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik sandali.)*

Bigyan nawa kayo ng Diyos ng tapang at lakas upang mapaglabanan ang lahat ng kahirapan ng buhay.

B—Amen!

P—Iadya Niya nawa kayo sa lahat ng panganib at panatilihin kayong tapat sa inyong mga tungkulin.

B—Amen!

P—Akayin Niya nawa kayo sa kabanalan at kapayapaan.


B—Amen!

P—Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo sa kapayapaan upang mahaling tapat ang Panginoon.

B—Salamat sa Diyos!



Abot-kamay na ninyo ang Salita ng Diyos.

CHRISTIAN COMMUNITY BIBLE
(Catholic Pastoral Edition)

BIBLIA NG SAMBAYANANG PILIPINO
(Katolikong Edisyong Pastoral)

BIBLIA SA KRISTOHANONG KATILINGBAN
(Edisyong Katoliko Pastoral)

May kasamang palinwanag para sa higit na pag-unawa at pagpapahalaga sa Banal na Kasulatan.

Mabibili na ngayon sa Word & Life Center at sa National Book Store.

Simbang Gabi – Ikawalong Araw

Kagalakang Walang Hanggan sa Tahanan ni Elisabet

Paksa ng maraming usap-usapan sa Ain Karim at karatig na pook ang pagdadalang-tao ni Elisabet sa kanyang katandaan. Dagdag dito'y ang mahirap paniwalaang pagkapipi ni Zacarias. Sa dami ng tanong ng mga mausisa, minabuti ni Elisabet na magkulong na lamang sa bahay. Siya man, marahil, ay may mga sariling katanungan: Ano nga kaya kung ang lahat ay likhang-isip lamang niya? Ano kaya't ang nabubuo sa sinapupunan niya'y hindi sanggol kundi isang tumor? At sakaling sanggol nga, ito kaya'y normal? Marami kasing kuwentong tungkol sa mga may kapansanang ipinanganganak ng matatanda na.

Si Zacarias man ay walang gaanong maitulong lalo't siya'y nakakulong din sa sarili niyang katahimikan. May sarili siyang mga katanungang mahirap sagutin tungkol, halimbawa, sa kung saan kaya siya nagkulang at paano kayang magkakatotoo ang mga ipinahayag sa kanya ng anghel tungkol sa isisilang na anak?

Malaki ang nagawa ng pagdalaw ni Maria sa pagpawi ng mga pagdududa. Nilinaw ng Espiritu Santo ang maraming bagay at pinagtibay ring tunay ngang ang sanggol sa sinapupunan ni Elisabet ay nakalaan sa natatanging plano.

Nabihisan ng pag-asa at pananabik ang dating dikatiyakan at pag-aalala.

At nang sa wakas ay isinilang na ang sanggol, ang lahat ay lumabas na mabuti pa kaysa inaasahan. Lalaki ang sanggol tulad ng pahayag ng anghel. Ganap siyang malusog at pinaligaya niya nang gayon na lamang ang kanyang ama't ina at ang buong tahanan.

Tunay ngang nagtotoo ang Diyos sa Kanyang pangako! Lahat ay nagalak. Nabuksan ang pintuan ng bahay ni Zacarias para sa mga kapitbahay, kama-anak, at kaibigang nagdatingan upang makita nila mismo ang bagong silang at makihati sa kaligayahan ng kanyang matatandang magulang.

Kung lahat ay maligaya, lalo na si Elisabet. Napawi nang lahat ang kanyang mga alinlangan at ngayo'y isa siyang maligayang-maligayang ina. Si Zacarias man ay walang pagsidlan sa kanyang kaligayahang makikita lamang bagamat di-maririnig

pagkat nanatili pa rin siyang di makapagsalita. Sa kabila ng awa ng lahat sa kanya, si Zacarias ay umaasa pa rin sa katuparan ng huling bahagi ng pahayag ng anghel . . . na di panghabang-buhay ang kanyang pagkapipi, kundi hanggang sa maganap sa takdang panahon ang sinabi ng anghel (Sangguniin Lu 1:20.)

Sa ikawalong araw mula nang isilang si Juan, sa pagbibinyag sa kanya, may pagtatalo pa sa ipapangalan sa sanggol — kung “Juan” (mabait ang Diyos) o “pangalawang Zacarias” alinsunod sa tradisyon. Di man makasali sa usapan, ang matandang ama ay siya pa ring may higit na karapatang magpasiya sa magiging pangalan ng bata. **“Juan ang pangalan niya,”** isinulat niya.

Ang maikling pangungusap na iyon **ay di lamang siyang nagpasiya kung ano nga ang ibibigay na pangalan sa kanyang anak. Iyon ay naging pagpapahayag ng pananampalataya sa kabutihan ng Diyos.** Dahil dito, sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng siyam na buwan, narinig na muli ang tinig ni Zacarias habang **pinupuri niya ang Panginoon sa Kanyang ganap na katapatan sa Kanyang mga pangako.**

Ang mahimalang panunumbalik ng pagsasalita ni Zacarias ay siyang naging tampok sa serye ng mga pangyayaring kaugnay ng pagsilang ni Juan. Malinaw ang mensahe ng Diyos sa lahat, di lamang kina Zacarias at Elisabet. **Inihahanda ng Diyos ang isang higit na kamangha-mangha pang magaganap sa panahong darating.**

Kung ano ang “kamangha-manghang” ito ay naiwan sa panghuhula ng lahat. “Magiging ano nga kaya ang batang ito?” Nasagot na ang katanungang iyan ng anghel sa templo. Makikita ng mga tao ang katuparan ng dagdag na pangako pagkalipas ng tatlumpong taon. Wala na noon sina Zacarias at Elisabet. Ngunit bago sila kapwa bawian na ng liwanag ng araw, wala silang bahagya mang alinlangang magkakatotoo ang sinabi ng anghel sa takdang panahon. Alam nila pagkat napatunayan na ng karanasang **lagim tumutupad ang Diyos sa Kanyang mga pangako. Ito ay di natin dapat limutin kailanman.**

Jess P. Balon

Munting Kaalaman sa Adbiyento/Pasko

“POSADAS” O PANUNULUYAN

Ibig sabihin ng salitang posada ay “matutuluyan.” Ang kaugaliang ito sa panahon ng Adbiyento ay popular sa mga panig ng mundong gumagamit ng wikang Kastila. Isinasadula rito ang paglalakbay nina Maria at Jose mula sa Nazaret hanggang Betlehem at ang paghahanap nila ng matutuluyan sa daan. Tumatagal nang siyam na araw ang rituwal (Disyembre 16-24) na tumatayo sa mga buwan ng pagdadalang-tao ni Maria. Isang pangkat ng mga tao ang nagbabahay-bahay sa kanilang dinaraan, mistulang mga manlalakbay na nag-hahanap ng matutuluyan. Ang mga nasa loob ay tumatangging magpatuloy sa kanila, tulad ng ginawa ng mga katiwala sa mga

bahay-panuluyan noong unang Pasko. Sa huling tahanan, lahat ay inaanyayahang magdasal at dumulog sa munting salu-salo.



Sa Pilipinas, ang tawag sa ganitong kaugalian ay “panunuluyan” (hango sa salitang “tuloy,” na ibig sabihin’y “magandang pagtanggap”). Si “Maria” at si “Jose” ay may kasamang pangkat ng mga tao habang sila’y nagsisiawit at nagdarasal sa tapat ng bawat bahay na kanilang tigilan. Ngunit may sarisaring bersiyon ang kaugaliang ito sa iba’t ibang lugar.

(Hango sa: www.americancatholic.org)



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, C. Valmonte, Sr. F. Santos, SMI, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio,

V. David • **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Circulation:** F. Edjan